# Molluscum Contagiosum

Ang Molluscum Contagiosum ay sanhi ng isang virus na nakakahawa sa balat. Maaari itong maipasa mula sa isang tao patungo sa isa pa habang nakikipagtalik, ngunit maaari itong kumalat sa pamamagitan ng balat sa balat o pagdikit sa isang bagay na may virus nito.

## *Paano naipapasa ang Molluscum?*

Ang molluscum ay maaaring maipasa mula sa isang tao patungo sa isa pa sa panahon ng pakikipagtalik o, mas karaniwan, sa iba pang malapit na kontak ng balat sa balat, gaya ng nangyayari sa wrestling o malapit na di-sekswal na kontak. Posible rin na maipasa ito ng mga tao na nagbabahagi ng mga tuwalya o washcloth. Karaniwang makikita ito sa mga tao na nag-eehersisyo sa mga gym at mga tao na madalas magbisikleta.

## *Ano ang dapat kong hanapin?*

- Mga ilang makinis, matigas, bilugan na bukol na may dimple sa gitna, na lumilitaw sa mga hita, genital, pigi, ibaba ng baywang, at sa pubic hair.
- Ang mga bukol ay karaniwang kulay ng balat.

## *Paano ginagamot ang Molluscum?*

- Ang isang paggamot ay liquid nitrogen (isang napakalamig na gas) na maaaring gamitin upang gamutin ang mga bukol. Mayroon ding reseta na maaaring ibigay sa iyo ang iyong clinician para magamot ang mga ito sa tahanan.
- Maaaring kailanganin mong bumalik sa klinika nang higit sa isang beses para maalis ang mga bukol.
- Hindi kailangang gumawa ng anumang paggamot. Ang Molluscum virus ay hindi nagdudulot ng anumang mga side effect o komplikasyon. Mawawala ito nang kusa nang walang anumang paggamot, kadalasan pagkatapos ng ilang buwan.
- Iwasan ang pag-ahit hanggang sa ganap na mawala ag mga sintomas.

**Para sa higit na impormasyon:**

Mangyaring makipag-usap sa iyong City Clinic clinician o sa iyong sariling health care provider. Ang sumusunod na mga website ay nag-aalok din ng makakatulong na impormasyon:

**Pangkalahatang STI**
www.ashasexualhealth.org (mayroon din sa Español)
www.cdc.gov/std/
www.sfcityclinic.org

**Teens**
www.iwannaknow.org
www.kidshealth.org/teen (mayroon din sa Español)
www.scarleteen.com

Para sa STI check-up o paggamot,
makipagkita sa iyong health care provider, local clinic, o pumunta sa:

City Clinic
356 7th Street
(sa pagitan ng Folsom at Harrison)
San Francisco, CA 94103
(628) 628-6600
www.sfcityclinic.org

*Binuo ng San Francisco City Clinic (628) 217-6600* *binago 01/2024*

**Contraception and STI/sex info**
www.bedsider.org

Para sa STI check-up o paggamot,
makipagkita sa iyong health care provider, local clinic, o pumunta sa:

City Clinic
A landmark in prevention

City Clinic
356 7th Street
(sa pagitan ng Folsom at Harrison)
San Francisco, CA 94103
(628) 628-6600
www.sfcityclinic.org